

Ipamimigay ang flyers sa lahat ng mga mag-aaral (Prefectural schools at National Colleges of Technology (o Kosen)) maliban sa advanced course o specialized course (halimbawa: vocational courses).

Kailangang mag apply taon

taon !

<Regular Part>

Hindi na kailangang pagbalik o Pagsauli !

Para sa mga magulang na nagpapa-aral ng anak sa senior highschool na tumatanggap ng sustento sa gobyerno o exempted sa municipal tax at

2025 Scholarship Benefits para sa Senior High School (Lahat ng paaralan ng senior highschool)

◆Buod ng Sistema

Upang masuportahan ng Mie Prefectural Board of Education ang tuition fees ng mga estudyanteng nag-aaral sa Public Senior High School na Low-income Families ay nagpatupad ng "Senior High School Scholarship Grant" na hindi na kailangang ibalik o bayaran.

◆Ang pamilya na sakop sa lahat ng nakasaad sa ibaba mula July 1, 2025 ay kuwalipikado

- Mga household o pamilya na may anak na nag-aaral sa Senior High School na may karapatang tumanggap ng Scholarship Grant (Tuition Fee Assistance sa pag-aaral sa Senior High School).
 - ※Hindi kasama ang mga estudyanteng hindi pumasok as of July 1, mga estudyanteng nasa pangangalaga ng Educational School for Students with Special Needs at ang estudyanteng nasa pangangalaga ng orphanage ng gobyerno.
 - ※Ang mga kwalipikado sa tulong para sa muling pag-aaral na suporta ay maaring hindi saklaw ng benepisyo ng ito, kaya mangyaring makipag-ugnayan muna sa paaralan nang mas maaga.
- Mga magulang na nakarehistro ang tirahan sa Mie (hindi kasali ang pamilya na naka-rehistro ang tirahan sa ibang bansa)

Subalit, kung nakatira sa ibang bansa ang mga magulang o tagapag-alaga mula Marso 1, 2025, hindi makakatanggap ng benepisyo dahil hindi maaaring mabigyan ng tax certificate para sa taong 2025. (Makakatanggap ang pamilyang tumatanggap na ng livelihood assistance mula July 1.)

※Kung ang address ng magulang/tagapag-alaga, ay nasa labas ng Mie Prefecture, mangyaring makipag-ugnayan sa prefecture kung saan nakarehistro ang sertipiko ng paninirahan.
- Magulang (na may custody sa bata ayon sa batas) ng batang nasa senior high school na tumatanggap ng sustento sa gobyerno (seikatsu hogo) o libre sa pagbabayad ng tax ayon municipal tax return ng taong 2025. (Kuwalipikadong mag apply ang pamilya kahit na may halagang babayaran sa Municipal Tax, na kung ang percentage ng halaga ng Income Tax ay 0 Yen.)

※Kung kayo ay pamilya o household na tumatanggap ng welfare o public assistance subalit hindi tumatanggap ng livelihood assistance (senior high school education expenses), kayo maaring mag-apply bilang tax-exempt household.

◆Paraan ng aplikasyon


Ang mga pamilyang kuwalipikado ayon sa nakasaad sa itaas ay maaring magpasa ng aplikasyon sa eskwelahang papasukan. Ang application form ay makukuha sa eskwelahan.

※Kung mayroong higit sa isang estudyante ng senior high school sa bawat pamilya, kinakailangang mag-apply ang bawat isang estudyante.

◆Panahon ng aplikasyon

Hulyo taong 2025

(Makipag-ugnayan sa eskwelahan para sa mga detalye)



◆Lugar ng submission ng application form

I-submit sa teacher in charge ng paaralang pinapasukan.

Hindi maaaring mag-apply o pagsabayin ang aplikasyon ng 「Aplikasyon para sa mga pamilyang biglang nagbago ang sitwasyon ng pamumuhay」at「Karaniwan o regular na aplikasyon」

◆Mga Benepisyo

- Isang beses isang taon (※1)、ipapasok nakarehistrong bangko ang nasabing benepisyo (※2) .
- ※1 Sa kabuuan, ang pagtanggap ng benepisyong ito para sa mga kasalukuyang senior high school ay 3 beses (4 na beses naman para sa mga estudyanteng nasa part-time student school system at correspondence program). Dalawang beses para sa Non-Degree Course para sa mga Graduates (isang beses lamang kung isang taon ang pag-aaral).
- ※2 Kung sa paaralan naka-rehistro ang pagtanggap ng benepisyo, ihuhulog ito ng direkta sa paaralan.
- Ang halaga na matatanggap sa benepisyo ay maaring mabago depende sa sitwasyon ng pamilya (tingnan ang reference table sa ibaba)

Uri ng Pamilya		Pampublikong Paaralan
Pamilya na tumatanggap ng sustento sa gobyerno (full-timestudent/part-time/ correspondence/ senior high school)		¥32,300
Mga pamilya o household na hindi pinapatawan ng buwis sa	full-timestudent/ part-time/ correspondence/ senior high school	¥143,700

※Kung ikaw ay naka pag-aaply na sa ilalim ng “Early payment para sa mga Bagong Estudyante”, huwag ng mag-apply muli sa “Regular na Aplikasyon”
Maaaring ma-delay ang pagtanggap sa benefits kung may mali o kulang sa mga ipinasang dokumento o application form.

kita para sa prefectural at municipal resident tax ※Hindi kasama ang mga tumatanggap ng sustento sa gobyerno	estudyante sa correspondence school	¥50,500
--	---	---------

◆Para sa mga katanungan

Sa teacher in charge ng Scholarship
Program ng bawat paaralan o sa

Mie Prefecture Board of Education Budget
Management Section Scholarship Grant
In-charge
Tel.No. 059-224-2827

※Para sa mga estudyanteng nag-aaral sa labas ng Mie Prefecture ay magtanong o tumawag ng direct sa Mie Prefecture Board of Education Office.



I-scan ang 2D bar code na ito upang maka-access. →

※Para sa mga nahihirapang intindihin ang Japanese, mas maganda kung gagamit ng translation app dahil ito ay makakatulong.

※Para sa mga estudyanteng nag-aaral sa Private High School ay magtanong o tumawag sa Mie Prefectural Environmental and Livelihood Private School Section sa Scholarship Grant Section In Charge

Telephone Number: 059-224-2161 para sa katanungan o inquiries.

※Walang limitasyon tungkol sa mga scholarship programs na ibinibigay sa senior high school at iba pang scholarship benefits, pinapa-alala lamang na kung maaprubahan ang inyong senior high school scholarship benefits, maaring mawala o di na makatanggap ng iba pang benefits o scholarship sa iba. Bilang karagdagan maaring mabago ang nilalaman ng sistema depende sa situwasyon (halimbawa: makukuhang halaga ng benefit)